

# Paano ako makakatanggap ng Virginia SUN Bucks?

## Mga Tumatanggap ng SNAP

Kung ang iyong sambahayan ay lumalahok sa SNAP, ang mga benepisyong Virginia SUN Bucks ay ilo-load sa iyong kasalukuyang SNAP EBT card.



## Mga Hindi Tumatanggap ng SNAP

Kung ang iyong sambahayan ay hindi lumalahok sa SNAP, ang iyong mga benepisyong Virginia SUN Bucks ay ilo-load sa isang bagong SUN Bucks card na ipapadala sa koreo sa address na nasa file sa iyong paaralan.



## Ano ang mabibili ko sa mga benepisyong Virginia SUN Bucks?

Magagamit mo ang iyong mga benepisyong Virginia SUN Bucks sa pagbili ng pagkain tulad ng mga prutas, gulay, karne, whole grains at dairy sa mga grocery store, farmers market at iba pang mga lugar na tumatanggap ng mga benepisyong SNAP EBT.

## Ano ang dapat kong gawin kapag nakuha ko ang aking SUN Bucks card sa koreo?

Darating sa koreo ang iyong Virginia SUN Bucks card na may mga tagubilin na magpapakita sa iyo nang hakbang-hakbang kung paano i-activate ang iyong card. Puwede mong itapon ang anumang mga SUN Bucks card mula sa mga nakaraang taon.

## Kailan maglalabas ang VDSS ng mga benepisyong Virginia SUN Bucks?

Magsisimula ang pamamahagi ng mga benepisyong Virginia SUN Bucks mula Hunyo 2026 at ipapamahagi nang paunti-unti sa mga bata na awtomatikong kwalipikado at sa mga pamilya na kwalipikado sa pamamagitan ng aplikasyon. Maaaring makuha ng mga pamilya ang kanilang mga benepisyong Virginia SUN Bucks sa iba't ibang oras depende sa kung kailan sila nag-apply.

